

# KAPAG KUMUKUHA NG SERBISYO NG ABOGADO



Tiyaking may lisensiya ang iyong abogado na magsanay sa California. Tanungin ang kanilang numero ng State Bar at makipag-ugnayan sa State bar o gamitin ang aming paghanap sa abogado online: [www.calbar.ca.gov/attorneysearch](http://www.calbar.ca.gov/attorneysearch)



Talakayin ang iyong mga inaasahan sa kung ano ang gagawin ng abogado para sa iyo, o para sa matanda na nasa iyong pangangalaga, at magkano ang gagastusin, lalo na ang para sa mga kaso kung saan ang bayad ay makukuha ayon sa bayarin sa matagumpay na kaso (contingency fee case). Kung hihigit sa \$1,000 ang magiging gastos, iniaatas ng batas sa abogado na magbigay ng nakasulat na kasunduan sa bayarin.



Kung magbabayad ka nang maaga o ng paunang ng bayarin (upfront fee), humingi sa abogado ng isang resibo. Maaari kang humiling ng detalyadong pagsingil buwan-buwan.



Maging tapat sa abogado at magbigay ng kumpletong impormasyon tungkol sa mga legal na isyu, kabilang ang anumang maaaring nauugnay na dokumento. Magtabi ng mga kopya ng lahat ng papeles.



Hilingin sa iyong abogado na patuloy na i-update ka o ang iyong tagapag-alaga sa iyong legal na trabaho at na padalhan ka o ang iyong tagapag-alaga ng mga kopya ng anumang dokumentong inihain sa korte.



Magtabi ng tala ng lahat ng pakikipag-ugnayan sa abogado kabilang ang mga tawag sa telepono, email, o text message.

# MGA SENYALES NG PANDARAYA SA BATAS



Mga alok na hindi hiningi (sa pamamagitan ng telepono, sulat o personal) upang magbigay ng mga legal na serbisyo.



Paghiling sa mga kliyente na maghain agad ng legal na aksiyon nang walang oras para sa pagsusuri ng mga opsyon at panganib.



Pagrerekomenda sa mga kliyente na ilipat ang mga pondo o pag-aari sa iisang institusyon o tagapayo.



Paghiling sa mga kliyente na magbayad ng cash.



Pagtanggi sa mga hiling para sa mga kopya ng mga dokumento o mga inihain sa korte.



Pagpigil sa mga kliyente na kumuha ng mga pangalawang opinyon tungkol sa mga legal na isyu.

I-follow ang State Bar:



[www.calbar.ca.gov](http://www.calbar.ca.gov)

866-44-CA-LAW



Naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga legal na serbisyo sa iyong katutubong wika? Tumawag sa State Bar sa 866-44-CA-LAW.

Available din ang pamphlet na ito sa wikang:

Spanish Español • Vietnamese Tiếng Việt  
Korean 한국어 • Chinese 中文  
• Russian Русский • Tagalog

May bisa ang impormasyon sa pamphlet na ito simula Pebrero 2020.

# Ang Dapat Isaalang-alang ng Matatanda at Kanilang Mga Tagapag-alaga Tuwing Nakikipagtulungan sa isang Abogado



The State Bar  
of California

# ANG DAPAT ISAALANG-ALANG NG MATATANDA AT KANILANG MGA TAGAPAG-ALAGA TUWING NAKIKIPAGTULUNGAN SA ISANG ABOGADO



**Propesyonal na Gawi.** Ang mga abogado ay inaasahang magtrabaho sa ngalan ng mga kliyente upang itaguyod ang kanilang mga pinakamabuting interes. Dapat pagtibayin ng mga abogadong may lisensiya sa California ang mga Rules of Professional Conduct Panuntunan ng Propesyonal na Gawi) ng State Bar, na maaari mong mahanap sa website ng State Bar.



**Pangkatiwalang Tungkulin.** Ang mga abogado ay inaasahang pangasiwaan ang mga pag-aari at propyedad ng kliyente alinsunod sa batas at mga kahilingan ng kanilang kliyente. Dapat linawin sa kliyente ang lahat ng rekomendasyon at aksiyon ng abogado sa ngalan ng mga kliyente at dapat isagawa ang mga ito para sa kanilang pakinabang.



**Mga Makatuwirang Bayarin.** Kinakailangan ng mga abogado na tiyaking maagang nauunawaan ng mga kliyente ang lahat ng mga bayaring maaaring kailangan nilang bayaran para sa mga legal na serbisyo. Pinagbabawalan ang mga abogado na maningil ng mga hindi makatuwirang bayarin.

## Mga Pinansiyal na Kasunduan

Kung gumamit ka ng serbisyo ng abogado upang magtakda ng reverse mortgage, annuity, o iba pang pinansiyal na kasunduan, tiyaking nauunawaan mo kung ano ang minumungkahi ng abogado at kung ano ang iyong mga opsiyon. Kung sinasabi sa iyo ng abogado na hindi ligtas ang iyong mga pag-aari maliban kung ililipat mo ang mga iyon sa isang partikular na pamumuhunan o institusyon, o na kinakailangan mong umaksiyon agad, maging alerto; ito ay mga senyales ng pandaraya.

Bago lumagda sa anumang pinansiyal na kasunduan sa isang abogado o maglipat ng mga pondo, tiyaking nauunawaan mo ang kasunduan at isaalang-alang mo ang pagkuha ng pangalawang opinyon.

## Mga Kontrata

Kung tinutulungan ka o ang isang matanda sa ilalim ng iyong pangangalaga ng isang abogado sa isang kontrata, tulad ng sa landlord, kompanya sa paglalagay ng bubong, o anumang iba pang panig, dapat ay kumikilos ang abogado ayon sa iyong pinakamabuting interes. Tiyaking nauunawaan mo ang mga tuntunin ng kontrata at kumuha ka ng pangalawang opinyon kung hindi ka sigurado.

Kung hindi naisakatuparan ang mga tuntunin ng isang kontrata, at dumulog ka sa korte (bilang ang nagdedemanda o ang akusado), kailangang magpatuloy ang iyong abogado na kumilos ayon sa iyong pinakamabuting interes at ipaalam sa iyo ang tungkol sa pagsulong ng kaso mo.

## Mga Will, Trust, at Probate

Bago gawing pinal ang isang will (habilin) o trust, hilingin sa abogado na suriin ito nang mabuti kasama ka. Kung mayroon kang anumang alinlangan o alalahanin tungkol dito, isaalang-alang na kumuha ng pangalawang opinyon. Kung sangkot ang isang abogado sa mga pagdinig sa probate (pagpapatunay ng habilin o pagkakatiwala) na nakakaapekto sa iyo, kailangan nilang magbigay ng mga detalyadong pahayag na sumusubaybay sa anumang gastos o transaksyon na maaaring makaapekto sa mga pag-aari sa probate.

## LEGAL NA IMPORMASYON AT TULONG PARA SA MATATANDA AT TAGAPAG-ALAGA

### Mga Serbisyo sa Pag-refer ng Abogado

Maaaring magmungkahi ang State Bar ng isang sertipikadong serbisyo sa pag-refer ng abogado sa iyong lugar. [www.calbar.ca.gov/lrs](http://www.calbar.ca.gov/lrs)  
866-44-CA-LAW (866-442-2529), Labas ng California: 415-538-2250

### Mga Reklamo: Maling Gawi ng Abogado, Hindi Awtorisadong Pagsasanay ng Abogasya

Kung may hinala kang maling gawi ng abogado, mangyaring maghain ng reklamo sa State Bar.  
<http://www.calbar.ca.gov/Public/Complaints-Claims/How-to-File-A-Complaint>  
800-843-9053, Labas ng California: 213-765-1200

### Pondo para sa Seguridad ng Kliyente

Binibigyan ng reimbursement ang mga taong nawalan ng pera o pag-aari dahil sa hindi tapat na gawi ng isang abogado.  
[www.calbar.ca.gov/Client-Security-Fund](http://www.calbar.ca.gov/Client-Security-Fund)  
213-765-1140

### Tanggapan ng Pangkalahatang Abogado sa California

Ang nangungunang abogado at opisyal sa pagpapatupad ng batas ng estado ay nagbibigay ng impormasyon online tungkol sa malawak na saklaw ng mga isyu, kabilang ang mga legal na isyu at mga mapagkukunan para sa mga matatanda.  
<https://oag.ca.gov/consumers/general/seniors>

### Kagawaran ng Pinansiyal na Proteksiyon para sa Consumer

Isang ahensiya ng gobyerno ng Estados Unidos na tinitiyak na tinatratong mga bangko, nagpapautang, at iba pang mga pinansiyal na kompanya ang mga consumer sa patas na paraan. Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa kung paano maiiwasan ang pandaraya sa consumer.  
[www.consumerfinance.gov/consumer-tools/fraud/](http://www.consumerfinance.gov/consumer-tools/fraud/)

### Pambansang Konseho sa Pagtanda

Isang nonprofit na tumutulong sa matatanda sa pagharap sa mga hamon ng pagtanda. Nagbibigay ng impormasyon sa mga pandaraya at scam.  
[www.ncoa.org](http://www.ncoa.org) (hanapin ang "fraud")  
571-527-3900

### Samahan ng Mga Retiradong Tao sa Amerika

Isang nonprofit na may misyong bigyang-kapangyarihan ang mga tao upang piliin kung paano sila mabubuhay habang tumatanda. Nagbibigay ng impormasyon sa mga pandaraya at scam. [www.aarp.org](http://www.aarp.org) (hanapin ang "fraud")  
Hotline ng AARP ukol sa Pandaraya: 877-908-3360